Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

DATE: 8-17

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-4 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR...............GUMANAP NA PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar.................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.......................................... Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon......................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas......................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.......................................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco...................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor..................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez..................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan........................ Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 180-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT NG PONDONG NALALABI MULA SA GUGULING KAPITAL NG TANGGAPAN NG PUNUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANDAANG LIBONG PISO (P100,000.00) UPANG ILAAN SA PAGSASANAY NG MGA BINUONG SAMAHANG MAGKAKAPITBAHAY SA BAWAT SITYO (SNO).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingang makapaglipat ng pondo sa Tanggapan ng Punumbayan, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ang naturang paglilipat ng pondo ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 23-T'99

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

Seksyon I - Ilipat at ilaan ang halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00) na nalalabing pondo mula sa Guguling Kapital na inilaan sa gusali at pagpapaayos ng gusali ng Tanggapan ng Punumbayan upang magamit sa pagsasanay ng binuong samahang magkakapitbahay sa bawat sityo ng mga barangay sa bayang ito, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

Seksyon II - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay

PINAGTITIBAY: Agosto 4, 1999

PINAGPASIYAHAN PA: Na bigyan ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng nasabing pondo, ayon sa mga patakaran at panuntunang nauukol sa pagbabadyet at pag-aawdit.

INIUUTOS : Na padalhan ng [redacted] / [redacted] Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong [redacted] Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa [redacted] at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY:

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Gumenap na Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

HEIDI S. CIRIACO
Gumenap na Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN D
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA